

Pahayag para sa Press

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-1 Setyembre 2022

S&P Global Philippines Manufacturing PMI®

Mas mabilis na gumanda ang mga kundisyon ng pagnenegosyo kasabay ng pagtaas ng employment

Mga pangunahing nalaman

Nag-stabilize ang output noong Agosto matapos itong bumaba noong Hulyo

Dalawang buwan nang sunod-sunod na bumababa ang mga factory order

Naging pinakamabilis ang pagtaas ng employment magmula noong Hunyo 2017

Nagpakita ng growth ang mga Filipino manufacturing firm sa buong sektor nang ikapitong buwang sunod-sunod noong Agosto. Naging mas mabilis ang expansion kumpara sa six-month low na naitala noong Hulyo kasabay ng pag-stabilize ng output at mas mabagal na pagbaba ng mga bagong order.

Gayundin, nanatiling mataas ang employment figures, at apat na buwang sunod-sunod nang tumataas ang employment.

Ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay lumampas sa 50.0 no-change mark na naghihiwalay sa growth at contraction nang pitong buwan nang sunod-sunod, at gumanda nang kaunti ang pinakahuling reading mula 50.8 noong Hulyo patungong 51.2 noong Agosto. Bagama't hudyat ito ng pagganda ng kalagayan ng sektor, mas mahina ito kumpara sa series average.

Noong Agosto, ang seasonally adjusted Output Index ay nag-stabilize matapos bumaba noong Hulyo sa unang pagkakataon sa loob ng anim na buwan. Gayundin, bumagal ang contraction ng mga bagong order sa pinakabagong yugto ng survey, at nag-ulat ang mga kumpanya ng kaunting pagbaba lang ng client demand sa pangkalahatan. Gayunpaman, naapektuhan ng mas mabilis na pagbaba ng mga bagong export order ang kabuuang sales, kasabay ng pinakamabilis na pagbaba ng foreign customer demand magmula noong Enero.

Pagdating sa employment, ang pagtaas ng bilang ng workforce ay nakatulong sa pagpapataas ng pinakabagong headline PMI figure noong Agosto. Ang mga kumpanya ay nag-hire ng dagdag na staff nang apat na buwan nang sunod-sunod bilang paghahanda sa inaasahang expansion ng produksyon sa mga darating na buwan. Bilang karagdagan, naging pinakamabilis ang paggawa ng mga bagong trabaho magmula noong Hunyo 2017.

Gayunpaman, binawasan ng mga kumpanya ang purchasing activity dahil sa mas kaunting mga bagong order. Bagama't hindi ganoon kabilis ang contraction nito, kapansin-pansin ito at ito ang unang paghina sa pagbili ng input magmula noong Enero.

Sa kabila ng paglaki nito nang isang taon, naging pinakamabagal ang paglaki ng mga stock ng raw materials at semi-finished items magmula noong Oktubre 2021, kung saan apat na buwan nang sunod-sunod na bumabagal ang palaki nito. Ganito rin ang

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan



Mga Pinagmulan: S&P Global.
Ang data ng Agosto 2022 ay nakolekta noong 12-23 Agosto 2022.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Maryam Baluch, na Ekonomista sa S&P Global Market Intelligence, na:

"Ayon sa PMI data noong Agosto, gumanda ang mga kundisyon ng pagnenegosyo sa buong sektor ng manufacturing sa Pilipinas. Tumaas nang husto ang employment at naging pinakamabilis ang paglaki nito magmula noong gitnang bahagi ng 2017.

"Gayunpaman, hinahamon ang sektor ng mga lumalaking downside risk sa growth. Nakita na natin ang pagkabigo ng paglaki ng output sa huling yugto ng survey, at pagbaba ng mga factory order nang dalawang buwan nang sunod-sunod. Gayundin, patuloy na nagiging mataas ang mga price pressure.

"Dahil sa mga balakid, nangangamba ang mga tao na ang mga inflationary pressure, pagkaantala sa supply chain, panghihina ng peso at mataas na interest rate, na may inaasahan pang dagdag na pagtataas, ay makakapagpapababa sa demand dahil maaapektuhan ang disposable income ng mga kliyente.

"Bagama't nagpakita ng masiglang paglago ang ekonomiya ng Pilipinas pagkatapos ng COVID, ang mga susunod na buwan ay hahamon sa momentum nito, kasabay ng pagtatala ng PMI ng mas mababang ekspektasyon sa output para sa natitirang bahagi ng taon."

PMI®

by S&P Global

© 2022 S&P Global


sitwasyon sa paglaki ng mga post-production inventory, kasabay ng pinakamabagal na pagdami ng mga stock sa kasalukuyng run ng accumulation na nagsimula noong Enero. Ang mas mabagal na paglaki ng mga imbentaryo ay sumalamin sa mahinang client demand.

Sa kabilang dako, nagkaroon ng mas maraming pagkakaantala sa supply chain nong Agosto, kung saan naging pinakamahaba ang mga lead time sa loob ng limang buwan. Ang mga pagkaantala sa shipment at paninikip sa port ay ang karaniwang isinisasi ng mga respondent bilang mga pangunahing dahilan ng mga pagkaantala sa delivery.

Dahil sa mga pagkaantala sa supply side at tumataas na presyo ng kuryente at materyales, lumaki ang operating expenses noong Agosto. Bilang resulta, tumataas na ngayon ang purchasing costs kada buwan magmula noong Mayo 2020. Inulat ng mga kumpanya ang pinakamabilis na pagtaas ng mga presyo ng input na naitala, mas mabagal ito kumpara sa naitala noong Hulyo.

Kasabay ng mga tumataas na average cost burden, lalo pang itinaas ng mga kumpanya ang mga factory gate charge nila noong Agosto, kung kaya't mas humaba pa ang kasalukuyang sequence ng inflation ng selling price na nagsimula noong Mayo 2020. Gayundin, naging pinakamabilis ang pagtaas ng charge inflation sa loob ng limang buwan.

Panghuli, nanatiling positibo ang sentimyento sa mga manufacturing firm sa Pilipinas noong Agosto at nasa kalahati ng mga survey respondent ang namamag-asang magkakaroon ng paglaki ng output sa darating na 12 buwan. Gayundin, ang antas ng kumpanya na naitala ay ang pangalawang pinakamababa sa loob ng pitong buwan at mas matamlay ito sa konteksto ng kasaysayan ng.



Mga Pinagmulan: S&P Global, Philippines Federal Reserve.

Makipag-ugnayan

Maryam Baluch
 Ekonomista
 S&P Global Market Intelligence
 T: +44-13-4432-7213
maryam.baluch@spglobal.com

SungHa Park
 Corporate Communications
 IHS Markit
 T: +82 2 6001 3128
sungha.park@spglobal.com

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring mag-email sa katherine.smith@spglobal.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Pamamaraan

Ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: mga bagong order (30%), output (25%), employment (20%), mga oras ng paghahatid ng mga supplier (15%) at mga stock ng pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang index ng mga oras ng paghahatid ng mga supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasayaos.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, incidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited.

Ang Content na ito ay pina-publish ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na mina-manage. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng nauugnay na panig. Ang naturang panig, at mga kaanib at supplier nito (mga "Content Provider") ay hindi naggarantiya sa katumpakan, pagiging sapat, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o pagiging available ng anumang Content at hindi responsable ang mga ito para sa anumang mga pagkakamali o pagbubukod (pabaya man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi mananatag ang mga Content Provider para sa anumang danyos, gastusin, bayad sa abogado, o pagkalugi (kasama ang mga gastos dahil sa nawalang kita at oportunidad) na kaugnay ng paggamit ng naturang Content.